

Kung kayo ay kasalukuyang may mga singil na medikal, kayo ay maaaring:

- 1) Tumawag sa numerong nasa singil at sabihin sa kanila na naghihintay kayong makarinig tungkol sa inyong pagiging karapa-dapat sa Medi-Cal. Humiling sa kanila na huwag ipadala ang singil sa inyo sa ahensiya ng pagkolekta. Maaari ring padalhan ninyo sila ng kopya ng liham na ito.
- 2) Dapat ding kayo makipag-ugnayan sa ahensiya sa mga serbisyong pantao ng inyong county kung napag-alaman na kayo ay karapat-dapat sa Medi-Cal upang ipagbigay-alam sa kanila na kayo ay may mga singil na medikal at ang (petsa) na natanggap ninyo ang pangangalagang medikal (hindi ang petsa ng singil). Ito ay makakatulong sa pagpapasiya kung kayo ay karapat-dapat sa retroaktibong pagsaklaw.

Kakailanganin ko bang magbayad ng multang buwis para sa hindi pagtataglay ng seguro habang ako ay naghihintay?

Hindi ninyo kakailanganing magbayad ng multang buwis para sa mga nakalipas na buwan na hindi kayo nagbayad ng seguro dahil nag-aplay kayo sa panahon ng bukas na pagpapatala sa taong 2014 at naghihintay pa ng sagot mula sa amin. Sa ilalim ng bagong batas sa pangangalagang pangkalusugan, karamihan ng mga tao ay dapat magtaglay ng segurong pangkalusugan sa taon na ito o kakailanganing magbayad ng multang buwis sa Abril 2015. Maaari ring maiwasan ninyong magbayad ng multang buwis kung kayo ay may ibang mga dahilan kung bakit hindi kayo makakuha ng seguro sa taon na ito. Kung kayo ay may mga tanong, maaari ninyong tawagan ang Alyansa ng Mamimiling Pangkalusugan (Health Consumer Alliance) sa 1-888-804-3536.

Saan ako makakakuha ng karagdagang impormasyon tungkol sa aking aplikasyon?

Tawagan ang ahensiya sa mga serbisyong pantao ng inyong county sa numero ng telepono na nasa kalakip na listahan ng county para sa karagdagang impormasyon tungkol sa inyong aplikasyon. Mahalaga po na hindi kayo magharap ng anumang karagdagang aplikasyon habang naghihintay ng sagot. Ang paggawa nito ay maaaring maging dahilan ng mga karagdagang pagkaantala sa pagproseso ng aplikasyon na naiharap na ninyo.

Kailangan ba ninyo ng karagdagang impormasyon mula sa akin tungkol sa aking aplikasyon?

Kung kailangan namin ng karagdagang impormasyon, padadalhan namin kayo ng sulat na humihingi ng impormasyon na kailangan namin upang matapos ang paggawa ng desisyon tungkol sa kung kayo ay makakakuha ng mga benepisyo ng Medi-Cal. Kung makatanggap kayo ng liham na humihingi ng karagdagang impormasyon, mangyaring ibigay sa taong makakaugnayan na nasa liham na iyon ang impormasyon na kailangan. Kung hindi namin matanggap ang impormasyong ito mula sa inyo bago lumampas ang petsa na dapat matanggap na nakalagay sa liham, kailangan naming tanggiin ang inyong aplikasyon. Huwag po kayong mag-alala kung hindi kayo sinabihang magbigay ng karagdagang impormasyon. Ito ay nangangahulugang nasa amin na ang kailangan namin, ang inyong aplikasyon ay pag-aaralan at padadalhan namin kayo ng sagot sa pinakamaagang panahon na magagawa namin.

Kailan ako makakatanggap ng sagot tungkol sa aking aplikasyon?

Umaasa kami na magagawa ang isang desisyon tungkol sa inyong aplikasyon sa pinakamaagang panahon, pero hindi kami makakapagbigay sa inyo ng isang tiyak na petsa. Pagkatapos naming pag-aralan ang inyong aplikasyon at pagpasiyahan kung anong pagsaklaw ng segurong pangkalusugan ang makukuha ninyo o ng inyong pamilya, makakatanggap kayo ng liham na nagsasabi sa inyo kung ano ang pinagpasiyahan. Ang liham na iyon ay magsasabi rin sa inyo kung paano dapat simulan ang paggamit ng inyong segurong pangkalusugan, o kung paano dapat iapela ang aming desisyon kung hindi kayo sumasang-ayon sa desisyon. Kung kayo o ang isang tao sa inyong pamilya ay karapat-dapat sa Medi-Cal, kayo ay tatanggap ng Kard ng Identipikasyon para sa mga Benepisyo ng Medi-Cal (Medi-Cal Benefits Identification Card, BIC) sa koreo. Maaari ninyong matanggap ang inyong BIC bago ninyo matanggap ang liham na nagsasaad na kayo ay karapat-dapat sa Medi-Cal, na kung mangyari ay maaari na ninyong simulan ang paggamit. Kung kayo ay may lumang BIC, ito ay muling isasaaktibo. Kung kayo ay dating may BIC pero wala na nito, maaari ninyong tawagan ang ahensiya ng mga serbisyong pantao ng inyong county upang humingi ng isang bagong kard pagkatapos aprobahan ang inyong aplikasyon.

Paano kung kailangan ko ng pangangalagang pangkalusugan habang ako ay naghihintay?

Kung kailangan ninyo ng paggamot na medikal ngayon, dapat kayong pumunta sa isang doktor, klinikang pangkalusugan, o ospital. Tiyaikin na itago ang anumang mga resibo para sa anumang bagay na binayaran ninyo para sa paggamot. Maaari kayong makakuha ng pagsasaauli ng ibinayad para sa mga serbisyo sa pangangalagang pangkalusugan na binayaran ninyo kung kayo ay karapat-dapat sa Medi-Cal. Kung kailangan ninyo ng paggamot at pumunta kayo sa isang doktor o klinika na tumatanggap ng Medi-Cal bilang seguro, sila ay makakatulong sa inyo na makakuha ng pagsasaauli ng ibinayad kung napag-alaman na kayo ay karapat-dapat sa Medi-Cal. Kung kailangan ninyo ng apurahang pangangalagang medikal pero hindi makakuha nito nang walang segurong pangkalusugan, tawagan ang ahensiya sa mga serbisyong pantao ng inyong county sa numero ng telepono na nasa kalakip ng listahan ng county at hilingin sa kanila na pag-aralan ang inyong aplikasyon nang mas mabilis dahil sa inyong apurahang pangangailangang medikal.

Paano kung ako ay may mga singil na medikal para sa pangangalagang pangkalusugan na natanggap ko habang ako ay naghihintay?

Kung napag-alaman na kayo ay karapat-dapat sa Medi-Cal, ang pagsaklaw ng seguro sa inyo ay babalik sa buwan na kayo ay nag-aplay. Maaari ninyong sabihin sa inyong doktor na singilin ang Medi-Cal para sa pangangalagang medikal na natanggap ninyo habang kayo ay naghihintay. Maaari rin kayong makakuha ng pagsasaauli ng ibinayad kung nagbayad kayo para sa mga serbisyo sa pangangalagang pangkalusugan. Gayon din, kung kayo ay inaprobahan para sa Medi-Cal at kuwalipikado para sa retroaktibong pagsaklaw (retroactive coverage), ang Medi-Cal ay maaaring makatulong na magbayad para sa karamihan ng mga serbisyong medikal na natanggap ninyo sa tatlong buwan bago ang buwan na nag-aplay kayo. Para sa karagdagang impormasyon, pumunta sa www.healthconsumer.org.

Department of Health Care Services

1501 Capitol Avenue, MS 4607

Sacramento, CA 95899-7417



TOBY DOUGLAS
DIRECTOR

State of California—Health and Human Services Agency
Department of Health Care Services



EDMUND G. BROWN JR.
GOVERNOR

**Mahalagang Impormasyon Tungkol sa Inyong Aplikasyon para sa
Segurong Pangkalusugan**

Petsa: 08/14/2014

Mahal na Aplikante:

Salamat po sa pag-aaplay ninyo para sa abot-kayang segurong pangkalusugan sa California. Alam namin na kayo o ang mga miyembro ng inyong pamilya ay naghihintay na malaman kung anong segurong pangkalusugan ang makukuha ninyo sa taong ito, at kung kayo ay makakakuha ng mga benepisyo ng Medi-Cal.

Ano ang nangyari sa aking aplikasyon para sa segurong pangkalusugan?

Ikinalulungkot po namin na wala kayong narinig mula sa amin tungkol sa inyong aplikasyon para sa Medi-Cal. Sa kasamaang-palad, dahil nakatanggap kami ng napakaraming aplikasyon, at dahil sa mga problema sa computer, hindi pa namin natatapos ang pagproseso ng lahat ng mga aplikasyon. Nais naming ipaalam sa inyo na nasa amin ang inyong aplikasyon at gagawa kami ng isang desisyon sa pinakamaagang panahon tungkol sa pagsaklaw ng segurong pangkalusugan sa inyo o sa inyong pamilya batay sa impormasyon na ibinigay ninyo sa amin. **Hindi ninyo kailangang muling mag-aplay.**